Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay humihinga sa pag-inom nang makatatlo.

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay humihinga sa pag-inom nang makatatlo."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kapag uminom siya noon, ay humihinga sa pag-inom nang makatatlo. Umiinom siya. Pagkatapos ay inihihiwalay niya ang sisidlan sa bibig niya. Pagkatapos ay umiinom siya sa ikalawa. Pagkatapos ay inihihiwalay niya ang sisidlan sa bibig niya. Pagkatapos ay umiinom siya sa ikatlo. Hindi siya humihinga sa loob ng sisidlan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4225